

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي
مشروع تَعَلُّم الإسلام – أحكام الصلاة – اللغة الفلبينية

Aralin3

الدرس الثالث

Ang mga Oras ng Saláh at Bilang ng Rak'ah

أوقات الصلوات الخمس وعدد ركعاتها

- Ang takdang oras ng fajr ay nagsisimula sa pagsapit ng madaling araw hanggang sa bago sumikat ang araw. Ang saláh na ito ay binubuo ng 2 rak'ah.
- Ang takdang oras ng dhuhr ay nagsisimula pagkatapos na pagkatapos ng tanghaling tapat hanggang sa ang anino ng isang bagay ay bago maging kasinghaba nito. Ang saláh na ito ay binubuo ng 4 rak'ah.
- Ang takdang oras ng 'asr ay nagsisimula kapag ang anino ng isang bagay ay kasinghaba na nito hanggang sa bago lumu-bog ang araw. Ang saláh na ito ay binubuo ng 4 rak'ah.
- Ang takdang oras ng maghrib ay nagsisimula kapag lumu-bog na ang araw hanggang sa bago maglaho ang takipsi-lim o pamumula sa langit na siyang resulta ng paglubog ng araw. Ang saláh na ito ay binubuo ng 3 rak'ah.
- Ang takdang oras ng ishá' ay nagsisimula kapag naglaho na ang takipsilim hanggang sa bago maghatinggabi. Ang saláh na ito ay binubuo ng 4 rak'ah.

Ang Kasuutan sa Pagsasagawa ng Saláh

اللباس في الصلاة

Ang kasuutan ng lalaki ay kahit matakpan man lamang ang bahagi ng katawan mula sa pusod hanggang sa tuhod. Dapat din na mayroong takip ang mga balikat. Kailangang balot ang babae mula sa ulo hanggang sa paa, maliban sa mukha at kamay. Hindi rin katanggap-tanggap ang saláh kapag ang suot na damit ay manipis at naaaninag ang katawan. Dapat ding iwasan ang mga masikip na kasuutan na nagpapakita ng hubog ng katawan.